ARALIN 63

1. Bakit sinaway ng mga disipulo ang mga tao sa pagdadala ng kanilang mga anak kay Jesus?
-Inisip ng mga disipulo na ayaw ni Jesus na maabala ng mga bata.

2. Mahal ba ni Jesus ang lahat ng mga bata?
-Oo.

3. Kailangan din bang maligtas ang mga bata mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at Satanas?
-Oo.

4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus na ang sinumang hindi tatanggap ng kaharian ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hinding-hindi papasok doon?
-Ang ibig sabihin ni Jesus ay kung hindi tayo maniniwala sa Diyos na may pananampalataya ng isang bata, hindi tayo maliligtas kailanman.

5. Ano ang pananampalataya ng isang bata?
-Ang pananampalataya ng isang bata ay ganap na buo.
-Ang pananampalataya ng isang bata ay buong puso.

6. Ano ang tanong ng mayamang binata kay Jesus?
-"Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?"

7. Ano ang isinagot ni Jesus?
-"Bakit tinatawag mo akong mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang."



8. Itinatanggi ba ni Jesus na Siya ay mabuti?
-Hindi.

9. Itinatanggi ba ni Jesus na Siya ay Diyos?
-Hindi.

10. Kung gayon bakit sinabi ni Jesus ang Kanyang sinabi?
-Nais ni Jesus na maunawaan ng mayamang binata na dahil ang mga tao ay ipinanganak sa kasalanan, sila ay hindi mabuti.
-Nais din ni Jesus na maunawaan ng mayamang binata na dahil ang Diyos lamang ang walang kasalanan, tanging ang Diyos lamang ang mabuti.

11. Paano naisip ng mayamang binata na kaya niyang magkamit ng buhay na walang-hanggan?
-Sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting gawa.

12. Ano ang hindi naintindihan ng mayamang binata?
-Hindi naunawaan ng mayamang binata na ang mabubuting gawa na ginagawa natin sa labas ay hindi nagbabago sa ating masasamang puso na nasa loob.

13. Bakit malungkot na umalis ang mayamang binata?
-Dahil ayaw niyang ibigay ang lahat ng kanyang malaking kayamanan.
-Dahil ayaw niyang baguhin ni Jesus ang kanyang masamang puso.

14. Sino ang tanging Isa na makapagliligtas sa atin mula sa ating masasamang puso?
-Ang Panginoong Jesukristo.

-Dahil alam ni Jesus ang puso ng lahat ng tao, tinuruan Niya ang mga tao ng tungkol sa kasakiman.

Basahin natin ang Lucas 12:15

15-Sinabi niya sa kanila, "Mag-ingat kayo at magbantay laban sa lahat ng kasakiman, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian."

-Bakit matakaw ang mga tao?

-Dahil ipinanganak sila sa kasalanan.
-Dahil gusto nila ang wala sa kanila.

-Maraming tao ang nagnanais ng mga ari-arian higit sa anupamang bagay sa mundo.

-Maraming tao ang nagnanais ng mga ari-arian na higit pa sa Diyos.

-Maraming tao ang nakikita ang mga pag-aari ng ibang tao, at gusto nila ito para sa kanilang sarili.

-Maraming tao ang nag-iisip na sila ay magiging masaya kung sila ay maraming pag-aari at sila ay mayaman.

-Kung ang isang tao ay may lahat ng kayamanan sa mundo, matutulungan kaya siya ng kaniyang kayamanan kung siya ay mapupunta sa Lawa ng Apoy?
-Hindi.

-Dapat bang ang ating buhay ay binubuo ng maraming pag-aari?



-Hindi.
-Maililigtas ba tayo ng mga ari-arian mula sa kasalanan, kamatayan, at kay Satanas?
-Hindi.

-Upang tulungan ang mga tao na maunawaan, sinabi ni Jesus sa kanila ang isang parabula.

Basahin natin ang Lucas 12:16-19

16-Nagsalaysay siya sa kanila ng isang talinghaga: "Ang lupain ng taong mayaman ay namunga ng sagana.
17-Inisip niya sa sarili, 'Ano ang gagawin ko, sapagkat wala akong mapaglalagyan ng aking mga ani?'
18-Sinabi niya, 'Ito ang aking gagawin. Gigibain ko ang aking mga kamalig at magtatayo ako ng mas malalaki at doon ko titipunin ang lahat ng aking mga butil at mga pag-aari.'
19-At sasabihin ko sa aking kaluluwa 'Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakaimbak para sa maraming taon; Magpahinga ka, kumain ka, uminom ka, magsaya ka.'"

-Isinalaysay ni Jesus ang parabula ng isang mayamang magsasaka.

-Isang taon, ang lupain ng mayamang magsasaka ay nagbunga ang kaniyang pananim ng napakagandang na wala siyang sapat na espasyo para itabi ang lahat ng inani.

-Ano kaya ang naisip ng mayamang magsasaka na gagawin niya?

-Inisip ng mayamang magsasaka na siya ay magtatayo ng mas malalaking kamalig, at doon iiimbak ng lahat ng kanyang inani, at pagkatapos ay wala na siyang gagawin sa buong buhay niya.

-Dahil marami na ang kayamanan ng mayamang magsasaka, naisip niya na wala siyang problema.

-Dahil marami na ang kayamanan ng mayamang magsasaka, naisip niyang nasa kanya na ang lahat.

-Dahil marami na ang kayamanan ng mayamang magsasaka, naisip niya na makakalimutan niya ang tungkol sa Diyos, at mamuhay ayon sa kanyang sariling kaparaanan.

-Bagaman nakalimutan ng mayamang magsasaka ang Diyos, nakalimutan ba siya ng Diyos?
-Hindi.

-Ano ang sinabi ni Jesus na nangyari sa mayamang magsasaka?

Basahin natin ang Lucas 12:20

20-"Subalit sinabi sa kanya ng Diyos, 'Hangal, sa gabing ito ay kukunin ang iyong kaluluwa; at kanino kaya mapupunta ang mga bagay na inihanda mo?'"

-Ano ang nangyari sa mayamang magsasaka?
-Tinawag siya ng Diyos na mamatay.

-Sino ang nagpasya sa araw na namatay ang mayamang magsasaka?

-Ang Diyos lamang.

-Sino ang magpapasya sa araw kung kailan mamamatay ang lahat ng tao?



-Ang Diyos lamang.

-Ano ang nangyari sa maraming kayamanan ng mayamang magsasaka?

-Ito ay naiwan para sa iba.
-Bakit tinawag ng Diyos na hangal ang mayamang magsasaka?

-Sapagkat inakala ng mayamang magsasaka na makakalimutan niya ang Diyos, at mamumuhay ayon sa kanyang sariling kaparaanan.

-Nailigtas ba siya ng kaniyang maraming kayamanan?
-Hindi.

-Nasa mayamang magsasaka ba ang lahat?
-Hindi.

-Kahit na ang mayamang magsasaka ay may malaking kayamanan, ano ang wala sa kanya?

-Buhay na walang-hanggan.

-Ano ang sinabi ni Jesus pagkatapos niyang sabihin ang parabula?

Basahin natin ang Lucas 12:21

21-[Sinabi ni Jesus] "Gayon nga ang nagtitipon ng kayamanan para sa kanyang sarili, subalit hindi mayaman sa Diyos."

-Sinabi ni Jesus na kung mag-imbak tayo ng maraming bagay para sa ating sarili, ngunit hindi mayaman sa Diyos, hahantong tayo ng walang-hanggang kamatayan.

-Ano ang higit na mas mahalaga kaysa sa malaking kayamanan?

-Paniniwala sa Diyos at pagkakaroon ng buhay na walang-hanggan.

-Pagkatapos, nagkwento si Jesus.

Basahin natin ang Lucas 16:19-21

19-"Mayroong isang taong mayaman na nagsusuot ng kulay ube at pinong lino at nagpipista araw-araw sa maraming pagkain.
20-At sa kanyang pintuan ay nakahandusay ang isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, na punô ng mga sugat,
21-Na naghahangad na makakain mula sa mga nahuhulog sa hapag ng mayaman. Maging ang mga aso ay lumalapit at hinihimuran ang kanyang mga sugat."

-Paano natin malalaman na ang kuwento ng mayaman at ni Lazaro ay totoong kuwento?

-Dahil ang dalawang lalaking ito ay talagang nabuhay sa lupa.

-Sino ang dalawang lalaki sa kwento?
-Ang isa ay mayaman at ang isa ay mahirap.

-Ano ang pangalan ng mahirap na tao?
-Lazaro.



-Hindi ito ang Lazaro na binuhay ni Jesus mula sa mga patay.

-Sa dalawang lalaki, sino ang higit na pinagpala?

-Mas pinagpala ba ang mayamang tao dahil mayroon siyang magagandang damit at lahat ng pagkain na kaya niyang kainin?

-Si Lazaro ba na may sakit at walang pagkain ay higit na pinagpala?

-Marahil ay sasabihin mong mayaman, ngunit hindi pa natatapos ang kwento.

-Makinig sa sinabi ni Jesus na nangyari sa dalawang lalaking ito:

Basahin natin ang Lucas 16:22

22-"At nangyari, namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa kandungan ni Abraham. Namatay din naman ang mayaman at inilibing."

-Ano ang nangyari nang ang dukhang, si Lazarus, ay namatay?

-Dinala siya ng mga anghel upang makasama ang Diyos at Abraham sa langit.

-Ano ang nangyari sa mayaman?
-Namatay din siya.

-Ang kayamanan ba ng mayamang tao ay nakapigil sa kanya na mamatay?
-Hindi.

-Saan napunta ang mayamang tao pagkatapos niyang mamatay?

Basahin natin ang Lucas 16:23

23-"At mula sa Hades na kanyang pinagdurusahan ay tumingala siya at nakita sa malayo si Abraham at si Lazaro sa kanyang kandungan."

-Saan napunta ang mayamang tao pagkatapos niyang mamatay?

-Sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

-Kapag ang isang tao ay namatay, saan napupunta ang kanyang espiritu?

-Alinman sa tiyak na makasama ang Diyos sa langit o diretso sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

-Kapag ang isang tao ay namatay, may mga nagsasabi na ang kanyang espiritu ay gumagala sa lupa.

-Ito ay isang kasinungalingan mula kay Satanas.

-Kapag ang isang tao ay namatay, ang ilang mga tao ay nagsasabi na ang kanyang espiritu ay napupunta sa isang naghihintay na lugar sa pagitan ng lupa at langit.

-Ito ay isa ring kasinungalingan mula kay Satanas.

-May naghihintay bang lugar sa pagitan ng lupa at langit?
-Wala.



-Sinasabi ng ilang tao na narinig nila ang tinig ng isang namatay na ninuno o isang mensahe mula sa isang taong namatay.

-Ito ay kasinungalingan din mula kay Satanas.

-Ang mga tinig o mensahe na naririnig ng mga tao ay mula lamang kay Satanas at sa kanyang mga demonyo.

-Kapag ang isang tao ay namatay, ang kanyang espiritu ay dumidiretso upang makasama ang Diyos sa langit o diretso sa impiyerno.

-Namatay si Lazaro at ang kanyang espiritu ay dumiretso sa Diyos sa langit.

-Namatay ang mayaman at ang kanyang espiritu ay dumiretso sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

-Nakipag-usap ang mayaman kay Abraham.

Basahin natin ang Lucas 16:24

24-"Siya'y sumigaw at sinabi, 'Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri, at palamigin ang aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.'"

-Una, ano ang itinanong ng mayaman kay Abraham?

-Hiniling niya kay Abraham na ipadala si Lazarus na pumaroon at isawsaw ang dulo ng kanyang daliri sa tubig upang malamigan ang

kanyang dila.

-Bakit?
-Dahil ang mayaman ay naghihirap nang husto sa apoy.

-Para sa lahat ng tumatangging maniwala sa Diyos, saan sila pupunta kapag sila ay namatay?

-Sa impiyerno, ang lugar ng apoy at kaparusahan.

-Napopoot ang Diyos sa kasalanan, at pinarurusahan ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Ano ang isinagot ni Abraham?

Basahin natin ang Lucas 16:25

25-“Subalit sinabi ni Abraham, ‘Anak, alalahanin mo na sa iyong buhay ay tinanggap mo ang iyong mabubuting bagay, at si Lazaro naman ay ang masasamang bagay. Subalit ngayon ay inaaliw siya rito at ikaw ay nagdurusa.’”

-Ano ang isinagot ni Abraham?

-Sinabi ni Abraham na habang ang taong mayaman ay nabubuhay sa lupa na siya ay komportable, ngunit ngayon ay dapat siyang magdusa.

-Sinabi rin ni Abraham na habang nabubuhay si Lazaro sa lupa ay nagdusa siya, ngunit ngayon ay komportable na siya.

-Si Lazaro ba ay pumunta sa langit dahil siya ay mahirap?



-Hindi.

-Bakit napunta sa langit si Lazaro?

-Dahil si Lazaro ay naniwala sa Diyos.
-Alam ni Lazaro na siya ay isinilang sa kasalanan.

-Alam ni Lazaro na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Naniniwala si Lazaro na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya.

-Para sa lahat ng naniniwala sa Diyos, saan sila pupunta kapag sila ay namatay?

-Sa langit pang makasama ang Diyos.

-Napunta ba sa impiyerno ang mayaman dahil mayaman siya?
-Hindi.

-Bakit napunta sa impiyerno ang mayaman?

-Dahil ang taong mayaman ay tumangging maniwala sa Diyos.

-Ang taong mayaman ay hindi naniniwala na siya ay ipinanganak sa kasalanan.

-Ang taong mayaman ay hindi naniniwala na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Hindi naniwala ang mayaman na kailangan niya ng Tagapagligtas.

-Ang mayaman ay nabuhay lamang para sa kanyang malaking kayamanan.

-Ano pa ang sinabi ni Abraham sa taong mayaman?

Basahin natin ang Lucas 16:26

26-[Sabi ni Abraham] "'Bukod dito, may isang malaking banging inilagay sa pagitan natin, upang ang mga nagnanais tumawid buhat dito patungo sa inyo ay hindi maaari at wala ring makatatawid mula riyan patungo sa amin.'"

-Sinabi ni Abraham na dahil may malaking bangin sa pagitan ng langit at impiyerno, walang sinuman ang maaaring makatawid.

-Makakaalis kaya ang sinumang papasok sa lugar ng parusa?
-Hindi.

-Kapag ang isang tao ay namatay at napunta sa lugar ng kaparusahan, walang paraan ng pagtakas.

-Kapag ang isang tao ay namatay at napunta sa lugar ng kaparusahan, siya ay mananatili roon magpakailanman.

-Kung tumanggi kang makinig sa Salita ng Diyos, pupunta ka sa lugar ng kaparusahan.

-Kung tumanggi kang makinig sa Salita ng Diyos, ikaw ay nasa lugar ng kaparusahan magpakailanman.



-Pagkatapos ay tinanong ng mayaman si Abraham ng isa pang tanong.

Basahin natin ang Lucas 16:27-28

27-"At sinabi niya, 'Kung gayo'y ipinapakiusap ko sa iyo, ama, na isugo mo siya sa bahay ng aking ama,
28-Sapagkat ako'y may limang kapatid na lalaki, upang magpatotoo sa kanila nang hindi rin sila mapunta sa dakong ito ng pagdurusa.'"

-Pangalawa, ano ang itinanong ng mayaman kay Abraham?

-Nais ng mayaman na si Lazarus ay makipag-usap sa kanyang mga kapatid upang hindi sila magdusa sa lugar ng apoy at kaparusahan.

-Kahit na labis na naghihirap ang mayaman, naalala pa rin niya ang kanyang mga kapatid.

-Sa impyerno, humingi ba ng pagkain o kumot ang mayaman?
-Hindi.

-Sa impyerno, hiningi ba ng mayaman ang dugo ng manok o kambing?
-Hindi.

-Nalinlang ni Satanas at ng kanyang mga demonyo ang maraming tao.

-Maraming tao ang nag-iisip na ang mga patay ay gusto ng pagkain o kumot o dugo ng manok o kambing.

-Iyan ay kasinungalingan ni Satanas.

-Nais ng taong mayaman na kausapin ni Lazarus ang kanyang mga kapatid upang hindi sila magdusa sa lugar ng apoy at kaparusahan.

-Ano ang isinagot ni Abraham sa taong mayaman?

Basahin natin ang Lucas 16:29

29-"Subalit sinabi ni Abraham, 'Nasa kanila si Moises at ang mga propeta, hayaan mo silang makinig sa kanila.'"

-Sinabi ni Abraham sa mayaman na ang kanyang mga kapatid ay may Moises at mga Propeta, at dapat silang makinig kay Moises at sa mga Propeta.

-Ano ang ibig sabihin ni Abraham nang sabihin niya na ang mga kapatid ng taong mayaman ay mayroong Moises at mga Propeta?

-Ibig sabihin ni Abraham na ang mga kapatid ng mayaman ay may Salita ng Diyos na isinulat sa pamamagitan ni Moises at ng mga Propeta.

-Ano ang sinabi ni Abraham sa taong mayaman kung ano ang dapat gawin ng kanyang mga kapatid?

-Na dapat nilang basahin at pakinggan ang Salita ng Diyos sa Bibliya ng Diyos.

-Kung makikinig tayo sa Salita ng Diyos at maniniwala rito, hindi na natin kailangang pumunta sa lugar ng kaparusahan.



-Ano ang isinagot noon ng mayaman?

Basahin natin ang Lucas 16:30

30-"Sinabi niya, 'Hindi, amang Abraham, subalit kung ang isang mula sa mga patay ay pumunta sa kanila, sila'y magsisisi.'"

-Sinabi ng mayaman na kung may babalik sa mga patay upang bigyan ng babala ang kanyang mga kapatid, sila ay magsisisi.

-Ano ang isinagot noon ni Abraham?

Basahin natin ang Lucas 16:31

31-"At sinabi niya sa kanya, 'Kung hindi nila pinapakinggan si Moises at ang mga propeta, hindi rin sila mahihikayat, kahit may isang bumangon mula sa mga patay.'"

-Ano ang sinabi ni Abraham sa taong mayaman?

-Sinabi ni Abraham na kung ang mga kapatid ay hindi makikinig sa Salita ng Diyos, kung gayon kahit na ang isang tao ay bumangon mula sa mga patay, hindi pa rin sila maniniwala.

-Kung hindi tayo makikinig at maniniwala sa Salita ng Diyos, may iba pa bang makapagliligtas sa atin?

-Wala.